

Chapter One



“You’re crazy!” saad pa ni Marigold habang umiiling. Binisita nito si Amor sa lumang bahay ng kanyang ina; minana pa iyon ng kanyang magulang mula sa lola niya. Plano niyang huwag ibenta ang bahay dahil sa sentimental value nito.

Huminga siya nang malalim at kumibit-balikat sa kaibigan bago ngumiti.

“I am sure about this. Besides, I would see Europe. I have heard so many stories that it is really a beautiful place!”

Umupo si Marigold sa pang-isahang sofa. Nakaupo naman si Amor sa mahabang sofa na katabi niyon.

“Yes. I know that, Amor. But for Pete’s sake, mag-isa ka lang pupunta r’on. Sino’ng mag-aalaga sa ’yo sakaling magkasakit ka?” Alalang-alala pa rin ang tono nito.

Ngumiti siya nang marahan. “Marigold, nandoon naman ang daddy ko,” aniya.

“Yes, of course. Pero isipin mo naman, hindi siya naging mabuting ama sa ’yo all these years,” giit pa ng kaibigan.

“Ayaw mo ba akong maging masaya?”

Pinanlakihan siya nito ng mga mata. “Masaya?

He left you and your mother when you were young! She died of heartbreak when she learned that your father had another woman.”

“Marigold, he worked in Europe to feed me and my mother that time. Besides, asawa na niya ngayon ang babaeng iyon.”

Bumuntong-hininga ito habang nakatitig pa rin sa kanya.

“Okay. Let’s just say he can take care of you. Pero papaano ang stepmother mo? Can you handle her?”

“Marigold, walang dapat ipag-aalala sa madrasta ko. Ilang beses na kaming nagkausap sa phone. I can feel that she’s very kind.”

Naghari ang katahimikan sa pagitan ng dalawang babae.

“O sige, I’ll let you know kung hindi naging maganda ang pagtrato nila sa akin. Matatahimik ka na ba kung ganito ang gagawin ko?”

Marigold pouted and made a face at Amor. Saka nagkatawanan ang dalawa.

“Ayan. Sige, basta pangako kong tutuparin ko ang lahat ng sinasabi ko sa ’yo ngayon. Tatawag at tatawag ako sa ’yo kaagad kapag may di magandang mangyayari sa ’kin d’un sa Romania.”

“Deal.” Ngumiti at tumango si Marigold sa kanya. “Pero sa oras na malaman kong di ka nagpaalam sa ’kin kaagad, malilintikan ka talaga sa

'kin. Pupunta ako kaagad d'un at maghahamok!"

"That'd be very embarrassing!" natatawang sabi ni Amor.

"Wala akong paki, ano!"

"Wala ka talagang hiya, babae ka."

"Oo naman. Basta ba para sa best friend ko, eh!"

Sumeryoso si Amor at tumayo upang yakapin ang kanyang mabait na kaibigan.

"Thank you so much for always being there for me, Best Friend. I don't know if I could cope with all my problems if you were not there to catch me whenever I fall."

"Ayan ka na naman, nagdadrama. Samahan na nga kitang kunin 'yung passport mong may tatak nang visa."



Nakatitig si Amor sa batang-batang consul ng *Embassy of Romania* sa Pilipinas. He had light brown hair, green eyes, dark eyebrows, slightly pointed nose, tanned skin and well-built body. Para sa kanya, ito na ang pinakaguwapong nilalang na nakita niya sa balat ng lupa.

"Miss Perez, your tourist visa is good for three months. Remember that. You can just call our head security officer here if you need some help," sabi pa ng consul in his Romanian accent.

"Yes. My stepmother made it clear that she is

going to apply for my temporary residence visa there and later on, my permanent residence visa. Maybe I would really need your security's influence there."

"I know. That's why I am reminding you of this matter." Iniabot sa kanya ng lalaki ang passport niya pagkabigay nito ng receipt. "Here's your passport. Have a good trip."

Ngumiti si Amor ng pasasalamat. Tumayo siya mula sa pagkakaupo sa sofa at lumabas ng opisina. Naglakad siya patungo sa lobby kung saan naabutan pa niya ang kaibigang nakikipag-usap sa head security ng *Embassy of Romania*.

"Oh, here she is," nakangiting sabi ni Marigold sa lalaki. "Thank you so much for your hospitality."

"Anytime," he replied with a smile on his lips and a twinkle in his eyes.

Ngumiti ito nang matamis sa binatang head security officer.

"Tama na nga 'yang kalandian mo," bulong pa ni Amor sa kaibigan nang nakangiti.

Palabas na sila ng embassy at bumaba na sa ground floor. Nabangga niya ang isang lalaki nang palabas sila ng elevator. Dahil nakikipagkuwentuhan kay Marigold ay hindi niya ito napansin.

"Oops, sorry!" nasabi pa niya ngunit tumitig lang sa kanya ang estranghero.

Tila nabatubalani siya sa lalaking may short, light brown hair, matangos na ilong, matangkad and well-built. Ito ang pinakamagandang lalaki na nakita niya sa buong buhay niya. Hindi ang ambassador ng Romania.

“Hoy! Umalis na siya. Kumurap ka naman,” untag pa ng kanyang kaibigan.

Napalingon siya sa nagsarang pinto ng elevator saka napabuntong-hininga. She tried to keep her heart back in normal pace.

“Hmm... type mo 'yun, di ba?” kanyaw pa ni Marigold habang naglalakad sila patungong parking lot upang balikan ang kotse nito.

“Hus... kalimutan mo na nga 'yun,” nakangiting turan niyang nagba-blush pa rin mula nang umalis sila ng building ng *Embassy of Romania*.

Samantala...

“Hey, Cousin, I never knew I would meet the prettiest woman in the world!” nakangising sabi pa ni Adrian sa wikang Romanian nang makasalubong ang pinsang consul na palabas ng office nito.

Napahinto ito at napataas ang isang kilay.

“And may I know who would it be?”

“Hmm... I don't know her name yet. But I have this feeling in my gut that I would be with her soon.”

Napatawa ang consul at napailing.

“I should know better than to trust your gut.”

Nagkatawanan ang magpinsan at nagpunta silang dalawa sa maliit na conference room.

“By the way, when is your flight back to Romania?” tanong ng pinsan niya. “I didn’t even get to hang out with you in the few days you’re here.”

“Oh, well... I will go back in two days. I am just here to meet some businessmen for future merging or something.”



Bumuntong-hininga si Amor habang inilibot ang mga mata sa kabuuan ng dalawang palapag na bahay nila ng mama niya.

“I miss you so much, Ma,” bulong pa niya.

Napatingin siya sa bintana at umihip ang isang malamig na hangin. Ngumiti siya at umakyat na sa kanyang kuwarto.

Nagsimula na siyang mag-impake ng kanyang mga dadalhin para sa flight niya sa makalawa. Di niya alam kung bakit minamadali siya ng kanyang stepmother na pumunta na ng Romania upang makasama na siya roon.

Mula noong dalawang linggong nakalipas na tumawag sa kanya si Crina Lacusta-Perez, isang Pilipina na naging naturalized Romanian citizen, nagtataka pa rin siya...

“I need you here with your father as soon as possible, Amor,” saad ng stepmother niya. Napansin

niyang may pag-aalala sa boses nito.

“May problema po ba?”

“Wala naman. Your father and I just want to have you here with us soon,” sagot na narinig niya sa telepono.

Bumuntong-hininga siya at walang nagawa kundi ang pumayag.

“All right. I’ll just have to give a two-week notice at the office. I hate to leave my job without a reliever.”

Nagtatrabaho siya sa isang publishing company bilang project manager kung saan nakakausap niya sa telepono o kaya ay sa email ang mga production editors at authors sa iba’t ibang bansa at mga local team leaders and supervisors. Kailangan ng maiging training ang taong sasalo ng trabaho niya.

“That’s fine. But by then, you have to apply for your tourist visa so that we don’t waste any time while waiting for the approval of your visa at the Romanian Embassy.”

“Yes, Crina. I understand.”

Katahimikan saglit.

“Puwede ko po bang makausap ang daddy ko?”

“Sorry, Amor. Wala siya rito sa bahay, kasama niya ang mga kaibigan niya.”

“I see,” nasabi na lang niya at nagpaalam na sa kanyang stepmother.

“I am looking forward to seeing you at last, Amor.

Goodbye. Good night.”

Ibinaba na niya ang telepono. Napatingin siya sa old lamp light na binili ng lola niya para sa kanyang ina. Pinagmasdan niya ang picture frame; sa larawang iyon ay magkasama ang kanyang lola na namatay eight years ago at ang ina niyang namatay five years ago. Napapikit siya at umusal ng panalangin para sa mga ito.

Pinipili na ni Amor ang mga damit na gusto niyang dalhin. Tinatantya niyang summer ngayon sa Romania. Pumili rin siya ng iba pang personal items na kailangan niya sa byahe at sa pag-stay niya roon.

Tumunog ang telepono niya habang nag-iimpake siya. Sumimangot siya dahil mga alas diez na iyon ng gabi. Napilitan siyang bumaba upang sagutin ang tawag.

“Hello?”

“Hi, Amor!”

Narinig niya ang boses ni Daniel sa kabilang linya. Ito ang pinakamatagal na niyang manliligaw. Nangungulit na ito simula noong college pa sila. Parehong Information Technology ang kinuha nilang kurso, samantalang ang second cousin nitong si Marigold ay Business Management.

“Daniel? What is it?”

“Nalaman ko kay Marigold na pupunta ka ng Europe. Totoo ba?”

“Ah... so?” Umupo siya sa isang sofa na malapit sa maliit na table kung saan nakapatong ang telepono, picture frame at ang lamp light.

“Ba’t di mo sinabi sa ’kin n’ung una pa man?”

Napangisi ang dalaga kahit wala namang nakakatawa. Hindi pa nga sila magnobyong ay parang sinasakal na siya nito. Buti nga’t pupunta na siya ng Europe, at sa gayon ay wala nang Daniel na gagambala sa kanyang buhay.

“Well, hindi ko naman naisip na importante palang malaman mo, Daniel,” pagtataray niya.

“I can’t let you go there, Amor!”

Sumimangot siya nang husto dahil sa narinig.

“What? Daniel, *wala* tayong relasyon para pigilan mo ako nang ganito. Isa pa, busy ako sa pag-iimpake ko. Istorbo ka lang.”

Pagkasabi ay pabagsak na ibinaba na niya ang telepono. Naiinis siya sa lalaki. Sobra. Inis na tiningnan niya ang telepono saka dinampot ang receiver upang mag-hang at di na makatawag sa kanya ang lalaking wala namang importansya sa kanya.

Bumalik na siya sa kanyang kuwarto upang ipagpatuloy ang naudlot na ginagawa niya kanina.

Chapter Two



Tumunog ang cellphone ng dalaga kinaumagahan. Kinapa niya iyon sa ibabaw ng bedside table. Isang nakabukang mata ang sumilip sa kung sino ang tumatawag sa kanya sa umagang iyon.

“Hello,” aniya nang malamang si Marigold ang tumatawag.

“Amor, sorry sa nangyari kagabi.”

“Ano? Ano ba’ng nangyari kagabi?” nalilitong tanong niya na naupo sa kama. Parang disoriented pa si Amor dahil kagigising lang niya sa tunog ng cellphone.

“Nalaman ko kasing inistorbo ka ng bugok kong pinsan!” Alam nitong matagal nang nanliligaw sa kanya ang hambog nitong pinsan. Buti na lang at di sinagot ni Amor si Daniel.

“Ah, gan’on ba? Okay lang ’yun, Marigold. I don’t know why you seem so distressed!” aniyang sinuklay ang buhok sa pamamagitan ng kanyang mga daliri.

“Hay, naku! Ba’t naman hindi? Di kaya ako nakatulog kagabi dahil sa kakatawag niya!”

Napatawa si Amor. “At sinabi niya sa ’yong tumawag siya sa ’kin?”

“Yes! It was good that I did not ever give him your cellphone number. Baka ikaw rin, di makatulog dahil sa kanya.”

Napatawa uli ang dalaga at bumaba ng kama. Sa araw na ito ay darating ang kanyang tiyahin na galing probinsya upang ito ang magbantay ng bahay habang wala siya.

“Sige na nga. Kumain ka na ng breakfast mo at magbabanyo pa ako.” Nagtungo siya sa banyo upang magsipilyo ng ngipin.

“Sige, okay,” sagot ni Marigold.

Tinapos na niya ang tawag at inilapag ang cellphone kasama ng deodorant, shampoo at iba pa, na nasa harap ng salamin.

Pagkatapos mag-toothbrush ay bumaba na si Amor patungong kusina upang mag-prepare ng kanyang almusal at kape.

Ipinagpatuloy niya ang pag-iimpake ng mga gamit sa malaking blue suitcase niyang may tatlong small stripes na pink.

Nakaplano na ang kanyang araw bago ang six p.m. flight niya kinabukasan. Kailangan niyang magsimba muna bukas at sa araw na ito ay dadalawin niya ang puntod ng lola at ng ina. Ipagmaneho naman siya ng kanyang best friend dahil may kotse ito at naka-leave si Marigold sa trabaho upang masamahan siya at nang makapag-bonding pa sila bago siya umalis

patungong Europe. Di pa niya alam kung kailan siya makakabalik ulit ng Pilipinas. Dahil isang taon ang temporary residence at limang taon naman ang probation bago makapag-apply ng permanent residence sa Romania.

Dalawa ang stopover ng flight niya. Manila to Hongkong at Turkey to Bucharest. Doon ay may susundo sa kanya. Di pa alam ni Amor kung ang mismong stepmother niya o ang ama ang sasalubong sa kanya.

Katatapos lang niyang maligo at mag-ayos nang marinig niya ang katok sa pinto.

“Nand’yan na po!” sagot niyang tinakbo ang hagdanan pababa at binuksan ang pinto. “Tiya!” nakangiting sabi niya ngunit napawi ang kanyang ngiti nang makita kung sino ang nasa harapan. “Daniel!” sambit pa niya. She was truly surprised because her best friend did not tell her that he would be coming to her house at this hour.

“Amor.”

“What exactly are you doing here?” usisa pa niya nang nakakunot ang noo.

Nag-usap ang dalawa nang masinsinan at pagkatapos ay umalis na ang lalaki na laylay ang mga balikat. Kasabay ng pag-alis nito ay ang pagdating ng tiya niya.

“Sino naman ’yun, Amor?”

“Wala po ’yun, Tiya. Halika, pasok kayo,” sabi

niya pagkatapos ay niyakap ang tiyahin.

Si Tiya Matilda ay isang malapit na kamag-anak. Biyuda ito at hindi kailanman nagkaroon ng anak dahil sa sakit nito noon sa sinapupunan.

“Baka naman p’wede mong sabihin sa akin kung sino talaga ang taong bumisita sa ’yo?”

“Ah, si Daniel. Kilala mo na siya. Nagkatagpo kayo minsan n’ung burol ni Mama.”

“Ay, gan’on ba? ’Yung matagal nang manliligaw mo? Ano naman ang ginawa niya rito habang wala pa ako?”

“Hay naku, Tiya! As usual.” Napangiti siya sa tiyahin.

“Ah, binasted mo ulit ang tao.”

Tumango si Amor.

“Parang siya lang ang nagtitiyaga sa ’yo, ah,” biro pa ni Tiya Matilda sa kanya.

“Tiya naman! Twenty-six pa lang ako. Ayokong magka-boyfriend dahil sa gusto ko lang magka-boyfriend. Gusto ko ’yung talagang mahal ko at mahal ako.”

“Paano mo naman malalaman ’yun? Eh, si Daniel nga ang loyal niya sa ’yo. Sinabi mong di siya nanliligaw sa ibang babae. Malay mo, kung boyfriend mo na siya, made-develop ka rin kalaunan. Mapamahal sa kanya. Hindi ba?”

“Hmm... may punto ka diyan, Tiya. Kaso, di ko nga siya gusto dahil sa ugali niya. Kahit pinsan

niya, ayaw siya para sa akin. Siguro may babae ring para sa kanya. Ang maintindihan siya at ang mahalina siya kahit ganyan siya, di ba?”

Kumibit-balikat naman ang tiyahin niya.

“Sabagay. May punto ka rin naman. Siyanga pala, gusto mo bang samahan kita sa pagdalaw mo sa puntod ng lola at ng mama mo?”

“Kung gusto n’yo po, Tiya.”

“Pero baka sa susunod na lang. Baka gusto mong mapag-isa at mag-emote.”

Napatawa si Amor sa biro ng tiyahin niya. Sabagay, tama ito. At ayaw niyang makita nitong malungkot siyang aalis ng bansa.

“Sige, Tiya. Salamat sa pang-unawa n’yo.”

“Walang anuman. Maghahanda na lang ako ng pagkain para sa best friend mo at boyfriend niya kapag ’andito sila.”

“Hindi po sasama si Jonathan sa amin, Tiya. Kami lang ni Marigold kasi may meeting si Jonathan sa opisina nila. May bisita daw silang darating mamayang hapon.”

“Gan’on ba? Eh, di sige. Para sa inyong dalawa ni Marigold na lang ang ihahanda kong pagkain.”

Nakangiting tumango si Amor sa kanyang tiyahin at niyakap itong muli bago siya umakyat sa kanyang kuwarto.



After lunch nang dumating si Marigold upang

samahan si Amor sa sementeryo. Masayang nagkumustahan ito at si Tiya Matilda. Matapos ang maikling kuwentuhan ay nagpaalam na si Amor na aalis na sila ng kaibigan niya.

Lumulan na sila ng kotse. Ilang minuto pa'y nakarating na sila sa paroroonan. Walang masyadong dumadalaw sa sementeryo sa araw na iyon ng Huwebes, kaya madaling nakakita ng parking space si Marigold. Bumaba na silang dalawa mula sa sasakyan at nilapitan ang isang nagtitinda ng kandila at mga bulaklak.

Bumili si Amor ng sampung kandila at dalawang pumpon ng mga bulaklak. Nagpasalamat siya sa tindera at umalis na sila upang tunguhin ang magkatabing puntod ng lola at ng mama niya.

Inilagay niya sa paanan ng dalawang libingan ang mga binili. Mainit ang panahon nang mga oras na iyon.

Napatingin si Amor sa langit. It was a cloudless day and the sun was so bright.

She did the sign of the cross and started to pray. Nagrosaryo muna siya bago nanalangin sa kaluluwa ng lola at mama niya. Sa isip niya ay kinakausap niya ang mga ito.

Mama, Lola, pupunta na po akong Europe. Papa would like to spend time with me, at last. Isn't it absurd? Kung kelan malaki na ako, ngayon niya gustong magkasama kami? But what's more

ridiculous to think is that his current wife is doing all she can so that I can go there and be with Papa. Ano po sa tingin n'yo, Lola, Mama? Magiging okay lang po kaya ang buhay ko doon?

Magbabago na ang buhay ko sa piling ng pangalawang pamilya ni Papa. Hindi ko po alam kung magiging welcome ako doon, pero mukhang mabait naman po si Crina. Still, I can't believe that she came to love Papa who's already married then and had a family of his own when they decided to be together. Napakayaman niya pero nagkagusto siya sa isang construction worker. Parang ang hirap paniwalaan.

I realize now na hindi lahat ng gusto ko ay makukuha ko.

Sometimes, somehow, in our life, we get what others want for us. Sana lang maging maganda ang kahihinatnan niyon.

Naramdaman na lamang ni Amor ang kamay ni Marigold sa kanyang kaliwang balikat. Nakangiting lumingon siya rito.

"I think they would be with me when I go to Europe," nasabi pa niya.

"I'm sure of that," nakangiting sagot pa ni Marigold.

Nagpaalam na sila sa dalawang puntod at saka bumalik na sa sasakyan. Dumaan muna sila sa mall bago umuwi upang bumili ng mga pasalubong para

sa kanyang ama, stepmother at half-sister.

“So, bukas ng umaga na tayong magsisimba,” ani Marigold bago pa man makababa ng sasakyan si Amor.

“Yep. Six a.m.”

“Okay. Sabihin mo na lang kay Tiya na may emergency kaya di na ako sasamang pumasok.”

Tumango siya. “Thanks for the ride!” aniya nang nakababa na at isinara ang pinto pagkatapos.

“You’re very much welcome, Bestfriend!”

Kumuway pa si Marigold bago nag-drive paalis.



Chapter Three



Apat silang nagsimba nang umagang iyon. Kasama ni Amor sina Tiya Matilda, Marigold at Jonathan. Nang matapos ang misa ay inaya sila ng kanyang kaibigan.

“Let’s have your farewell party at Jonathan’s family’s restaurant. Nagpa-reserve na ako roon. Open sila nang maaga dahil sa atin. Special treatment.” Kumindat pa si Marigold sa kanya, sabay sulyap sa nobyong nakangiti.

“Di ba nakakahiya naman?” saad pa ni Tiya Matilda.

“Hindi, Tiya. Okay lang! Sagot ko ’to, kaya ’wag kayong tatanggi!” Marigold warned the older lady.

Napangiti at napatango na lamang ang matanda pati na si Amor.

“Thank you so much, Best Friend, Jonathan,” nasabi na lang niya.

Masaya silang kumain ng breakfast sa restaurant. Nagustuhan din iyon ng dalaga dahil sila lang ang naroroon bukod sa iilang staff na nagtatrabaho roon, lalo na ang kusinero at waiter. May soft music pang tumutugtog habang kumakain sila. Feeling VIP silang lahat doon.

“I know you don’t like to be around so many

people. Kaya breakfast ang pina-reserve ko,” Marigold admitted to her friend.

Amor smiled at her thoughtfulness. She couldn’t ask anything more of her best friend. Napakabait, napaka-supportive, napakamaalalahanin at mapagbigay nito.

“Thank you, Marigold. I would surely miss you.”

“Yeah, I know that. At gagawin ko ang lahat na makabalik ka rito kaagad!” biro pa nito.

“Ikaw talaga!”

Pagkatapos ng Continental breakfast, pinagsilbihan sila ng hot chocolate and some sweets like ice cream, cakes and cookies.

“Wow, parang hindi breakfast ’to, ah!” masayang sabi ni Amor.

“Of course, dahil di na kita makakasama for a long time. Kaya kainin mo lahat ’yan!” nakatawang turan ni Marigold sa kanya.

Napasulyap siya kay Jonathan at nagpasalamat din siya rito. Tumango at ngumiti ang binata. Napatingin naman siya kay Tiya Matilda, parang bata itong ini-enjoy ang mga pagkain sa harapan nito.

At that moment, there was nothing she could wish for. Masaya ang pakiramdam niya. Parang bubukas ang dibdib niya sa sobrang saya. Pero, alam niyang kinahapunan, pupunta na siya ng airport. Ito naman ang nagpapalungkot sa dalaga.

“Hey, what’s wrong?” nag-alalang tanong ng kanyang best friend.

“Nothing. Just that I would miss this, you...”

Ginagap ni Marigold ang isang kamay niyang nakapatong sa mesa. Nakangiti ito, tila nagbibigay ng encouragement sa kanya.

“I know that, Best Friend. But as you said, you have to do this. Your brand-new family is there, waiting for you. Kahit labag sa kalooban kong umalis ka, di kita kayang pigilan o ng kahit kanino because that’s your destiny... and that’s your life.”

“Tama ka, Marigold. Kahit ako man, dahil nag-iisa na ako sa buhay, di ko kayang pigilan itong kaibigan mong umalis. Naroroon ang ama niya at ang kapatid niya,” sabad ni Tiya Matilda.

Tumango si Marigold sa may-edad na babae.

“I don’t think you’re not going to be happy there. As long as there is someone loving you, you will be feeling at home, wherever you are. You will feel needed and you would realize you belong to that person. Right?” Si Jonathan naman ang nagsalita.

Napangiti siya sa boyfriend ng kaibigan. Madalang magsalita sa kanilang grupo si Jonathan, pero madaldal ito kapag ang nobya lang ang kasama.

“Well said, Baby,” ani Marigold at hinalikan sa pisngi ang kasintahan. Saka bumaling ito kay Amor.

“So, magiging masaya ka rin kapag nand’un ka at may nagmamahal sa ’yo.”

Tumango siya sa kaibigan at napangiti ulit.

“Tama kayo. Sana nga may magmamahal sa akin d’un. Ang layo pa naman n’un dito.”

Napatawa silang lahat sa sinabi ng dalaga. Saka nagpatuloy na silang kumain nang masaya.



Nasa NAIA na si Amor. Nai-check in na ang kanyang bagahe at dala-dala niya ang shoulder bag at ang handcarry bag niya. Di niya namalayang nasa likuran niya lang ang lalaking nakabanggaang niya sa paglabas ng elevator sa *Embassy of Romania*.

Nagtungo na siya sa waiting area upang hintayin ang boarding time. Nang tinawag na ang kanyang flight for Hongkong, nagtungo na kaagad sa gate ang dalaga upang sumakay sa eroplano. Sumunod naman ang napakaguwapong Filipino-Romanian nang lingid sa kanya.

He smiled at himself while watching her.

She took a deep breath when she was settled on her designated seat. Nasa kanang bahagi niya ang maliit na bintana. Di pa rin alam ni Amor na nakatingin sa kanya ang lalaki na nakaupo sa kabilang dulo ng kanyang row seat.

Nakasindi na ang mga ilaw sa airport at nagagandahan siya sa tanawin nang lumipad na

ang eroplano. Dalawang oras din ang byaheng iyon.

Makaraan ang halos dalawang oras na stopover sa Hongkong ay sumakay na si Amor sa eroplanong papuntang Istanbul, Turkey. Labing-isang oras naman ang flight na iyon ng *Turkish Airlines*. Hindi niya pansin ang mga taong kasabay niya sa eroplano. Hindi rin siya aware sa isang lalaking madalas siyang pagmasdan. Nagsilbi na rin ng pagkain at maiinom ang cabin crew sa mga pasahero.

Kinakabahan na siya. Malapit na siya sa kanyang destinasyon, Bucharest. Alas cinco ng umaga nang lumapag ang eroplano at may oras pa siyang makapag-relax nang konti hanggang sa alas ocho ng umagang byahe niya. Isang sakay na lang. Makikita na ni Amor ang kanyang amang matagal nang di nakikita for the last five years.

“Looks like we are bound to the same place,” marahang sabi ng isang lalaki nang lumulan na siya ng eroplanong patungong Bucharest.

Napaligon ang dalaga at napadilat ang kanyang mga mata nang makita ang estranghero. Pamilyar ito sa kanya. Para siyang robot na pinuntahan na ang kanyang designated seat. Di niya sinagot ang lalaki dahil sa sobrang kaba ng kanyang dibdib.

Palingun-lingon siya sa lalaking kumausap sa kanya. Nakaupo ito sa dulo, sa parehong row kung

saan siya nakaupo. Pareho silang nasa tabi ng maliit na bintana ng eroplano.

Pinagsilbihan sila ng snack ng cabin crew. Mga isang oras na lang ang byahe. Pinilit niyang huwag pansinin ang lalaking panay ang tingin sa kanya. He made her blush.

Lalo naman siyang kinabahan nang maisip ang kanyang ama. Hindi alam ni Amor kung ano ang mararamdaman kapag nakita na niya ito.

Huminga siya nang malalim nang makababa na ng eroplano mula sa himpapawid. Kinuha na niya ang kanyang bagahe at lumabas na ng airport. Di na niya nakita pa ang lalaking nagpapatibok ng kanyang puso nang napakabilis.

Nakita niya ang kanyang ama at stepmother na nakangiti. Mabilis na lumapit ang mag-asawa at niyakap siya.

“Hi! How was your trip?” Crina asked first.

Napatingin siya sa magandang madrasta. “It was tiring but good!” nakangiting sagot ni Amor.

“The car is over there,” saad ng ama niyang si Nestor na itinuro ang parking area na nasa kabilang bahagi ng kalsada.

Ito na ang humila ng kanyang bagahe at ang stepmother naman ang nagdala ng kanyang handcarry bag.

Lumulan na sila ng kotse at kaagad silang nagtungo sa bahay ni Crina.

Lingid sa kaalaman ni Amor, hinanap siya ng lalaking kasabay niyang sumakay ng eroplano.



Napamaang si Amor sa laki ng bahay nang dumating sila. It was a four-storey mansion. Napakalawak ng lawn na puwedeng tayuan ng tatlong bahay. Mayroon iyong pool sa gitna ng lawn at garden naman sa kaliwang bahagi.

“Wow! I love the garden!” she exclaimed to her stepmother.

“Yes! Of course,” sabi nito. Romanian pa rin ang accent kung mag-English ito.

“We also have a solarium at the back of the house,” her dad commented.

“Oh, I would like to see it,” aniya sa ama.

Lumabas ang isang magandang batang dark-haired at fair-skinned. Ngumiti itong nakatingin sa kanya habang hawak-hawak ang isang bunny at turtle stuffed toys sa magkabilang kamay.

“Hi!” bati ni Amor sa batang si Ioana nang makalapit na sila sa pintuan. Napangiti si Crina sa kanya.

“You can say ‘*Bună*’ to her and she will understand. She doesn’t speak English.”

Napatango siya sa sinabi ng nakatatandang babae bago ibinalik ang pansin niya sa paslit.

“*Bună*,” nasabi pa niya sa bata.

Ngumiti ito lalo at sumagot. Ngunit hindi

lang iyon ang sinabi ng bata. Marami pa itong sinasabi habang pumapasok sila ng bahay. Nagpapasaklolong napatingin siya sa kanyang ama upang i-translate ang sinasabi ng anak nito sa kanya.

“Ah, ang s’abi niya, maganda pala ang big sister niya. Pero magkaiba daw kayo ng kulay. Morena ka at siya naman ay maputi. S’abi niya, gusto niya ang kulay mo. Sana magkatulad kayo ng kulay ng balat.”

Napatawa si Amor at napasulyap sa half-sister niya.

“Gan’un po ba? Pakisabi po sa kanya gusto ko naman ang kulay niya,” turan niya kay Nestor.

Iyon naman ang ini-translate ng kanyang ama sa bata. Bumungisngis si Ioana habang nakatingin sa dalaga. Napatingin sila kay Crina na bumabana ng hagdanan. Di nila napansing umakyat na ito upang ilagay ang bag niya sa kanyang kuwarto sa second floor. Nasa third floor daw ang master’s bedroom at ang kuwarto ng batang si Ioana.

“Kailangan mong matutong magsalita ng Romanian, Anak,” sabi ng papa niya nang umakyat sila sa itaas at nailapag na nito ang bagahe niya sa sahig.

Napatingin si Amor sa kanyang malaking kuwarto habang nakamasid naman sa kanya si Ioana with curious eyes.

“I love the bedroom, thank you,” sabi pa niya sa kanyang stepmother.

“I’m glad to hear that. By the way, next week we’re going to Iasi to stay there for a while and we can visit some monasteries around there. You would love the trip.”

Napatango siyang may ngiti sa labi. Napatingin siya sa kanyang ama in a silent question.

“Ah, di muna magtatrabaho si Crina sa opisina. She’s the one who’s taking care of their family businesses. The gas station and the drinking water supply.”

“Oh, I didn’t know that,” sabi pa niyang nakatingin sa stepmother.

“One day, I will teach you the trade of our businesses,” pangako pa ni Crina sa kanya.

Napatango si Amor. Wala siyang magagawa kapag siya na ang magha-handle ng kanilang family business. Pero bakit naman? Hindi pa naman katandaan ang mag-asawa; fifty-one lang ang kanya ama, samantalang ang stepmother niya ay forty years old. May health problems kaya ang mga ito nang hindi sinasabi sa kanya? Pero imposible naman iyon. They both looked healthy.

“Tiwan ka muna namin para makapagpahinga ka. Ipapaakyat ko na lang ang lunch mo mamaya para hindi ka na bumaba,” sabi pa ng nakatatandang babae.

Tumango at nagpasalamat ang dalaga bago umalis ang tatlo. Kailangan pang kumbinsihin ni Crina si Ioana na iwan muna nila si Amor para makapagpahinga mula sa mahabang byahe niya.

